# Ang Nawawalang Tupa

May 100 tupa ang isang mabuting pastol. Nawala ang isa.



Nilisan niya ang 99 para hanapin ang isang tupang nawawala.



Masaya siya nang mahanap niya ang tupa. Pinasan niya ito pauwi sa kanyang balikat, na nagagalak.



Tinawag niya ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay. "Magalak kayo sa akin," sabi niya, "sapagka't natagpuan ko na ang aking tupang nawala" (Lucas 15:6).



## ANO ANG IBIG SABIHIN NITO?

Ang mga nagkasala ay katulad ng nawawalang tupa. Itinuro ng Tagapagligtas na may kagalakan sa langit kapag nagsisisi ang isang makasalanan (tingnan sa Lucas 15:7).

### Sino ang Ating Mabuting Pastol?

"Ang ating Mabuting Pastol ay hindi nagbabago at gayon pa rin ang damdamin ukol sa kasalanan at sa mga makasalanan tulad noong narito Siya sa lupa. . . . Mahal na mahal Niya tayo kaya naglaan Siya ng paraan para tayo makapagsisi at maging malinis para makabalik tayo sa Kanya at sa ating Ama sa Langit. . . .

". . . Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating Mabuting Pastol, na nagmamahal at nagmamalasakit sa atin. Kilala Niya tayo at ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa."

Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol, pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2017 (*Liahona*, Mayo 2017, 32).

LARAWANG-GUHIT NI TIM BRADFORD